MPR SNAPSHOTS

Ang *visual summary* ng Disyembre 2025 Monetary Policy Report

Desisyon sa Monetary Policy noong 11 Disyembre 2025



Ibinaba ang pangunahing *interest rate*—ang *target reverse repurchase* (RRP) *rate*—ng 25 *basis points* patungong ***4.5 percent***. Naniniwala ang BSP na ang *interest rate* ay makatutulong suportahan ang mga aktibidad sa ekonomiya sa gitna ng mga isyu sa pamahalaan na nakaapekto sa *demand*.

Dahilan sa desisyong ito

- Nananatiling kontrolado ang *inflation outlook*.
- Ang pagbaba ng kumpiyansa ng mga negosyo bunsod ng mga isyu sa pamamahala ay maaaring makaapekto sa paglago ng ekonomiya.
- Ang epekto ng mga polisiyang pangkalakalan sa pandaigdigang ekonomiya ay maaaring patuloy na makapagpabagal sa paglago ng ekonomiya.
- Ang mas mababang interes ay makatutulong upang suportahan ang paglago ng ekonomiya.

Ano ang ibig sabihin nito?

Ibinaba ng BSP ang *target* RRP *rate*.

Maaaring bumaba ang interes sa pautang ng mga bangko.

Maaaring mahikayat ang mga negosyo at kabahayan na mangutang at mamuhunan.

Maaaring tumaas ang *investment* ng mga negosyo at *consumption* ng mga tao.

Maaaring bumuti ang ang pangkalahatang aktibidad sa ekonomiya.

Ang mabagal at banayad na pagbabago ng presyo ng mga bilihin ay nakatutulong upang maging mas kumpiyansa ang mga negosyo at kabahayan na mangutang at mamuhunan, na nakakatulong sa pagtaas ng produksyon at pagsuporta sa paglago ng ekonomiya.

Ano ang mga dapat asahan sa presyo ng mga bilihin?

Inaasahan ng BSP na ang *inflation* ay pasok sa *target* ng gobyerno na 3.0 *percent* ± 1.0 *percentage point*.

2026 - 3.2% ✓

2027 - 3.0% ✓

Inaasahan rin ng mga ekonomista sa pribadong sektor na mananatiling pasok sa *target* ang *inflation*.

2026 - 2.9% ✓

2027 - 3.0% ✓

Ipinapakita nito ang tiwala na mananatiling kontrolado ang *inflation* sa mga susunod na taon.

Basahin ang Disyembre 2025 Monetary Policy Report.
I-*scan* ang QR code o bisitahin ang bit.ly/December2025_MPR.

Ano ang mga maaaring makaapekto sa presyo ng mga bilihin?

Maraming posibleng sanhi ang maaaring makapagpataas o makapagpababa sa *inflation*.

Supply shock na senaryo
(Mga maaaring magpabilis ng *inflation* kumpara sa *forecast*)

mas mataas na singil sa kuryente

mas mataas na taripa sa bigas

mas mataas na sweldo

di kanais-nais na kondisyon ng panahon

mga kaganapan sa mundo

base effects

Demand shock na senaryo
(Mga maaaring magpabagal ng *inflation* kumpara sa *forecast*)

mas mababang paglago ng pamumuhunan dulot ng mga isyu sa pamahalaan

di-tiyak na mga pandaigdigang patakaran sa kalakalan

Ang mga ito ay binabantayang maigi ng BSP upang mapanatiling kontrolado o abot-kaya ang presyo ng mga bilihin at serbisyo.

Kumusta ang kalagayan ng ekonomiya?

Mas mabagal ang paglago ng ekonomiya sa mga susunod na buwan, mananatiling katamtaman naman hanggang 2026, at inaasahang muling lalakas sa 2027.

Ang ilan sa mga naging hamon sa ekonomiya ay:

pagbagal ng konstruksyon at pamumuhunan dahil sa mga isyu sa pamahalaan

pagbaba ng kumpiyansa ng mga negosyo at mamimili

mga antala dulot ng masamang panahon

Gayunpaman, ang mga nagpapalakas sa ekonomiya ay:

pagtaas ng sahod at kita sa mga kabahayan

pagtaas sa paggasta at suporta ng pamahalaan

mas mataas na produksyon sa agrikultura at positibong *net exports*

Ano ang susunod na hakbang ng BSP?

Bantayan ang *inflation* at mga pagbabago sa galaw ng ekonomiya sa kabila ng mga pandaigdigang tensiyon.

Isaayos ang polisiya kung kinakailangan upang mapanatiling matatag ang presyo at para suportahan ang paglago ng ekonomiya.

Basahin ang Disyembre 2025 Monetary Policy Report.
I-scan ang QR code o bisitahin ang bit.ly/December2025_MPR.